


Emilio Jacinto, Letter to Isidoro Francisco, December 8, 1896

Source: Archivo General Militar de Madrid: Caja 5677, leg.1.105



The original of this document is torn, so the transcription has many gaps (indicated by dots), but a few points of interest may be gleaned nonetheless. Jacinto is writing, it is not known from where, to Isidoro Francisco, the president of the High Council (Mataas na Sangunian) in “the North” (*Hilagaan*), who was based at this juncture in Pantayanin.

Jacinto thanks Francisco for his commitment to “our sacred aims,” but at the same time seems to recognize that Francisco is uneasy about his position, and is perhaps worried about his own safety. If Francisco does not want to go to the Katipunan encampment at Balara, Jacinto suggests, he would be welcome at Jacinto’s own base, where “you would not have any worries about food, or about the Spaniards.”

Jacinto asks Francisco to take good care of the gunpowder under his control, and to ensure that rifles are allocated only to soldiers who are truly loyal to the Katipunan. Jacinto also enquires about two small cannons (*falconete*) of which Francisco has charge.

Sa bagay na ito, ay lubos ang aking pagsasalamat sa inyo, bagay sa napagtalastas kong pagsisikap ninyo dito sa ating banal na nilalayon. At tungkol naman sa nagiging kadahilanan ng di [torn]..pagparito, ay dinaramdam ko din.....ka't wala akong hangad kung di....ayo'y magkasamsama sa lahat...at magkadamayan; kaya't kung...uli kong inaanyayahan dito sa aking kinalalagyan kung kayo man ay aayaw sa Balara, at dito nama'y wala kayong aalalahanin tungkol sa pagkain, gayon din sa Kastila.

Tungkol na inyong isinagot sa Punong-hukbo sa Balara ay siya kong inaakalang nauukol.

Ang polvora ay huag lamang ninyong pababayaan, at gayon din ang mga baril ay inyong ingatang mabuti at huag ninyong ipahahawak kung di sa mga kapatid na talagang tapat sa ating Katipunan. Ang dalawang falconeteng nariyan ay kaya nangyaring inusisa ko sa inyo ay dahil sa siyang.... nararapat nasa may lalung mahigpit na laban sapagka't... mga falconete namang... rito ay hindi tutoong....bukod....

Ayon sa ating binabalak na mahalagang bagay ay minarapat ko na gumawa tayo ng pulong sa araw ng Lingong darating at ating ipatawag ang lahat ng mga pangulo. Sa bagay na ito, ay magpalibot kayo ng isang circular sa mga Pang-ulong inyong sinasabi at ipatalastas sa kanila ang bagay na gagawing ito. Lamang ay ang aking bilang na ipinagtatagubilin ay ang boong kalihiman tungkol sa pulong na ito na ating gagawin sa nayon ng Malitlit (Mandaluyong), at ipagsabi din naman sa circular na gamitin ang lubos hag lilihim.

...sa mga kinakailangan mga paghahanda, at sa iba't ibang nauukol na bilhin, ako'y inyong padalhan dito ng mga isang daang piso.

Kayo'y aking niyayakap ang lubos na pagibig.

*Emilio Jacinto
8-12-96*

Huling-lagda – Aking tinanggap din [?]. ang inyong ipinadalang mga plano. Mangyari lamang na ipasabi ninyo sa akin kung na.... ang ating kp. na si.... no Florentino.

Vale